Pangalan: ______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ______________ Petsa Nang Natapos: ______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagsusuri sa Antas ng Wika Batay sa Pormalidad na Ginamit sa Pagsulat ng Awiting-bayan

I. **Panuto:** Suriin ang antas ng wikang ginamit ng bawat tauhan sa usapang naganap sa isang kapistahan. Tukuyin at isulat sa patlang kung ang nakasulat nang madiin ay **balbal**, **kolokyal**, **lalawiganin**, **pambansa**, o **pampanitikan**.

______________ 1. Ang **astig** naman ang pagdiriwang ng pista rito; ibang-iba sa mga nasaksihan ko na.

______________ 2. Oo nga, iba talaga ang kultura at tradisyon sa **probinsiya**, ano?

______________ 3. Sinabi mo pa. Kaya talagang 'pag may pagkakataon, uuwi ako rito para makipista. Iba pa rin talaga ang **tinubuang lupa**.

______________ 4. Mga anak, **kaon** na at kanina pa nakahanda ang hapag.

______________ 5. Salamat po, Inay, **te'na** at kumain na tayo, masamang pinaghihintay ang grasya.

______________ 6. Wow! Ito ang totoong **chibog**! Andaming pagpipiliang putahe.

______________ 7. Huwag kalimutang magdasal at magpasalamat sa **biyayang** ito ng ating Panginoon.

______________ 8. Tiyak na **para akong buntis sa kabusugan** pagkatapos nating kumain.

______________ 9. Sige lang, **i-enjoy lang natin ang pagkain**.

______________ 10. Salamat sa pag-imbita sa amin **p're**. Kakaibang karanasan talaga ito sa akin.

**II. Panuto:** Subukin mong dugtungan ang mga linya ng awitin upang makabuo ng sariling awiting-bayan tungkol sa lugar na iyong kinabibilangan. Sikaping may tugma at masusunod ang lalabindalawahing sukat ng bawat linya. Gumamit din ng iba't ibang antas ng wika sa pagbuo nito. Bigyan ng angkop na pamagat ang nabuong awiting-bayan. Gamitin ang gabay ng pamantayan para sa iyong gawain.

______________________________________________

Pamagat ng Awiting-bayan

Sa aming lugar

______________________________________________

______________________________________________

Dito ang mga tao'y

______________________________________________

______________________________________________

Sa tuwi-tuwina'y

______________________________________________

______________________________________________

Kaya naman

______________________________________________

______________________________________________

| Pamantayan sa Pagdurugtong sa mga Linya ng Awiting-bayan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pamantayan | Napakahusay (5) | Mahusay (4) | Katamtaman (3) | May Pag-unlad(2) | Pasimula (1) |
| Pagdurugtong ng mga Impormasyon Kaugnay ng Bayan | Napakahusay ng ginawang pagdurugtong ng mga impormasyon ukol sa bayan. | Mahusay ang pagdurugtong ng mga impormasyon ukol sa bayan | May kakulangan sa mga impormasyong idinugtong ukol sa bayan. | Hindi angkop at tama ang mga impormasyong idinugtong ukol sabayan. | Hindi nagawang dugtungan ng impormasyon na kaugnay ng bayan ang patlang. |
| Sukat at Tugma sa Awit | Nakasunod sa hinihinging sukat at tugma sa awit. | Mahusay ang pagdurugtong ng mga impormasyon ukol sa bayan. | Walang sukat ngunit nagkaroon ng tugmaan sa awit. | Hindi nakasunod sa sukat at tugmaan para sa awit. | Walang sukat at tugma ang awit. |
| Paggamit ng Iba't Ibang Antas ng Wika | Nakagamit ng iba't ibang antas ng wika. | May sukat ngunit walang tugma sa awit. | May dalawang antas ang hindi nagamit sa awit. | Maraming antas ang hindi nagamit sa awit. | Walang nagamit na antas ng wika sa awit. |
| Kabuoan: | | | | | |